REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 36

KAPASIYAHAN PARA SA PAGPAPAGAWA NG OPEN CANAL SA PUROK I, MENDIOLA ST., ALABANG NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN AT ANIM NA LIBO, DALAWANG DAAN ANIMNAPU'T TATLO AT TATLUMPU'T DALAWANG SENTIMO (₱106,263.32)

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, sa ginawang inspeksiyon ng Tanggapan ng Inhinyeriya ay napag-alaman na lubhang kailangan na ng mga naninirayan sa Mendiola st., Purok I, Alabang ang open canal sapagkat ang lugar na ito ay lumulubog kapag sumasapit ang tag-ulan;

SAPAGKAT, upang mapangalagaan ang kaligtasan at kalusugan ng mga naninirahan doon ay kinakailangang may takbuhan ang tubig at hindi maipon at tumigil sa isang lugar na maaaring pamahayan ng lamok at ng mga iba pang insekto na nagdadala ng iba't-ibang uri ng sakit;

SAPAGKAT, ang pagkaimbak ng tubig dahil walang madaluyan ay nagdudulot ng masamang amoy, pagkasira ng halaman , ng lansangan at pagkakareon ng malaking abala sa mga mag-aaral at naghahanapbuhay.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay nagkaisa na maipagawa ang nasabing open canal sa Mendiola st., Purok I, Alabang, Muntinlupa, Kalakhang Maynila na nagkakahalaga ng ISANG DAAN AT ANIM NA LIBO, DALAWANG DAAN ANIMNAPU'T TATLO AT TATLUMPU'T DALAWANG SENTIMO (₱106,263.32) na lubhang kailangang-kailangan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan sa kanilang pangdalawampung (20th) Pangkaraniwang Pulong na ginanap noong ika-4 ng Hulyo, 1988.

PINATUTUNAYANG TUTOO:

Atty. JAIME R. FRESNEDI
Pansamantalang Panguleng Opisyal

PINATOTOHANAN : RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Hulyo 4, 1988

RRC:vts